

Proyekto ng Osaka Prefectural Board of Education para sa pagsuporta sa buhay eskwela ng mga estudyanteng bumalik mula sa ibang bansa o nanggaling sa ibang bansa, edisyon para sa SY2019

Pagpili ng Landas Pagkatapos ng Junior High School

Osaka Prefectural Board of Education
<フィリピン語>

Mga Nilalaman

| | |
|--|------|
| ■Paunang Salita | p.1 |
| ■Sistema ng Edukasyon sa Japan | p.2 |
| ■Mga Uri ng High School | p.3 |
| ■Isang Araw sa Pamublikong High School | p.7 |
| ■Isang Taon sa Pamublikong High School | p.8 |
| ■Gastusin sa Pag-aaral | p.9 |
| ■Entrance Exam | p.10 |
| ■Pamublikong High School | |
| Mga Subject/Paksa sa Entrance Exam | p.12 |
| Pagpili ng mga Makakapasa | p.14 |
| Pagpipili para sa mga Estudyanteng Bumalik mula sa Ibang Bansa at mga Estudyanteng Dayuhan na Kailangang Turuan ng Wikang Hapon | p.15 |
| Konsiderasyon sa Entrance Exam para sa mga Estudyanteng Bumalik mula sa Ibang Bansa at Estudyanteng Dayuhan na Kailangang Turuan ng Wikang Hapon | p.17 |
| Schedule ng Entrance Exam | p.19 |
| ■Mga Sistemang Nagbibigay ng Pinansyal na Pagtulong para sa Pag-aaral | |
| Mga Sistemang Pansamantalang Nagpapaautang para sa Admisyon sa Eskwela | p.21 |
| Iskolaryip | p.22 |
| ■Alternatibong Landas Bukod sa Pagpasok sa High School | p.23 |
| ■Listahan ng mga Institusyong Mapapagkonsultahan | p.24 |


Paunang Salita

Ang booklet na ito ay sinulat para sa lahat na nagnanais pumasok sa high school. Ipinapakilala dito ang mga pangunahing impormasyon ukol sa pagpasok sa high school. May mekanismo sa Osaka para makatulong sa pagpili ng landas at para masagot ang mga katanungan at alinlangan ukol sa pagpili ng landas. Kaya huwag mag-alala nang mag-isa kung namomroblema kung nahihirapang pumili ng landas na tatahakin. Magkonsulta sa inyong titser o makipag-usap sa mga institusyong mapapagkonsultahan na nakalista sa booklet na ito.

■4 na Palatanndaan sa Booklet na Ito:



Simpleng ipinapaliwanag ang bawat item.



Detalyadong ipinapaliwanag ang bawat item.



pahina.

Mga katanungan ng bawat pahina at ibang pahina na may kinalaman sa kasalukuyang





Para sa mas detalyadong impormasyon, bumisita sa homepage ng Osaka Prefectural Board of Education, Support Program for Elementary and Junior High School. Nakasulat ito sa mga wikang Hapon, Chinese, Koreano, Vietnamese, Filipino, Portuguese, Espanol, Thai, Ingles, Russian, Bahasa Indonesia at Nepali.
(<http://www.pref.osaka.jp/shochugakko/kikoku/index.html>)

Sistema ng Edukasyon sa Japan



Sa Japan, ang elementary at junior high school ay kumpolsaryong edukasyon. Kinakailangang ipasok ng mga magulang ang kanilang mga anak sa eskwela habang nasa edad ang mga bata para kumuha ng kumpolsaryong edukasyon. Pagkatapos ng kumpolsayong edukasyon, maraming landas na maaring pagpilian.

| | | | | |
|--------|--|--|--|--|
| Edad 7 | Kinakailangang Edukasyon | Elementary School/Mababang Paaralan (<i>Shogakko</i>) | | |
| 12 | | 6 na taon | | |
| 13 | | Junior High School/Paaralang Panggitna (<i>Chugakko</i>) | | |
| 15 | | 3 taon | | |
| 16 | Senior High School/ Mataas na Paaralan (<i>Koko / Kotogakko</i>) | | Special Training School (<i>Koto Senshugakko</i>) | Technical College (<i>Koto semmon gakko</i>) |
| 18 | 3 taon  | | 1 taon o mahigit | Vocational Training School (<i>Koto shokugyo gijutsu semmon ko</i>) 1-2 taon |
| 19 | University, College (<i>Daigaku</i>) | Junior College (<i>Tanki daigaku</i>) 2 taon | Vocational College (<i>Senmon gakko</i>) 1 taon o mahigit | 5 taon |
| 22 | 4-6 taon | | | |
| 23 | Graduate School (<i>Daigakuin</i>) | |  Makakapagtapos ba sa loob ng 3 taon mula sa saan mang pampublikong senior high school? | |
| 24 | 2-5 taon | | ⇒ Makakapagtapos sa loob ng 3 taon kung pumapasok nang pang-araw (Full-time, <i>Zennichi sei</i>). Tingnan ang pahina 5-6 para sa ibang sistema at paliwanag. | |

Mga Uri ng High school



Sa Japan, may mga pampublikong high school, national high school at mga Pribadong high school.

■Pampublikong high school /National high school

Itinayo ng bansa, prefecture at ng lungsod.

Magkakasamang nag-aaral ang mga lalaki at babae. (Co-ed)

■Pribadong high school

Itinayo ng pribadong tao o kompanya. Ang gastusin sa pag-aaral sa pribadong eskwela ay karaniwang mas mahal kaysa sa nasyonal o pampublikong eskwela. ※

Bukod sa co-ed, mayroong panlalaki lamang at pambabae lamang na eskwela.

※ Sa mga pribadong high school, mayroong sistemang tumutulong sa pagbayad ng tuition fee batay sa kinikita ng pinuno sambahayan.

⇒Tignan ang pahina 9.



Magkapareho ba ang entrance exam sa pampublikong high school at sa pribadong high school?

⇒ Magkaiba ang entrance exam sa pampublikong high school at sa pribadong high school.

■Mga subject sa entrance exam ng pampublikong high school

⇒ Tignan ang pahina 12-13

■ Ang entrance exam ng pribadong high school

Depende sa eskwela, magkaiba ang petsa ng entrance exam, nilalaman at mga pamantayan sa admisyon. Para sa detalyadong impormasyon, Maari lamang humingi sa junior high school teacher ng karagdagang impormasyon kausapin ang titser sa inyong junior high school na namumuno sa konsultasyon tungkol sa pagpasok sa high school.

May apat na uri ng high school.
Magkakaiba ang panahong kinakailangan para magtapos at ang pamamaraan ng pagturo sa klase.

<Full-time na High school>

■Oras ng pag-aaral

Mula umaga hanggang hapon (Mula mga 8:30 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon)

■Panahong kailangan para makapagtapos

3 taon

■Uri ng mga klase

Eskwela na sa araw ang klase at karamihan ay may takdang dami ng yunit ng klase sa bawat taon na kailangang makuha. Kung hindi makuha ang takdang dami ng yunit, hindi makakaakyat ang estudyante sa susunod na baitang. Subalit, maaring pumili ang estudyante ng klaseng kukunin niya sa mga eskwelag sumusunod sa credit system.

■Halimbawa ng full-time high school

<Academic High school >

Pinag-aaralan ang mga pangkalahatang subjek tulad ng pambansang wika (wikang Hapon) at math.

<Vocational High school>

Pinag-aaralan ang mga skill at pangunahing kaalaman sa mga partikular na mga larangan tulad ng industriya, kalakalan/komersiyo, agrikultura, at internasyonal na kultura, upang magkaroon ng kakayahang makakuha ng kwalipikasyon.

<Comprehensive High school>

Bukod sa mga pangkaraniwang subjek, mayroong mga elektibong subjek na mapagpipiliang pag-aaralan ayon sa sariling interes.

<Empowerment School>

Depende sa antas ng pag-unawa. pinag-aaralang muli ang mga pangunahing kaalaman , at may klaseng nagtuturo sa mga batang mag-isip sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga problemang walang isang tamang sagot.

**<Multi-class credit system high school>
(Creative school)**

■Oras ng pag-aaral

Schedule I = pang-umaga (mga 8:30 ng umaga hanggang 12:30 ng tanghali)

Schedule II = pang-hapon (mga 1:00 hanggang 5:00 ng hapon)

■Panahon para makapagtapos

Kung sabay na kinuha ang schedule I at II = 3 taon o mahigit pa

Kung hindi sabay na kinuha ang I at II = 4 na taon o mahigit pa

■Uri ng mga klase

Napipili ang oras (schedule I, II) at mga subjek depende sa sariling estilo ng pamumuhay at bilis ng pag-aaral. Nahahati ang ang pag-aaral sa isang taon o 6 na buwan.

<Pang-gabing high school>

■Oras ng pag-aaral

Sa karamihan ng eskwela, 6:00 ng hapon – 9:00 ng gabi.

■Panahon para makapagtapos

4 taon

Kapag kinuhang kasabay ang correspondence course = 3 taon o mahigit pa

■Uri ng mga klase

Maaaring makapag-aral sa gabi. Nakakakuha ng yunit sa bawat klase.

< Correspondence high school >

■ **Oras ng pag-aaral**

2-3 beses sa isang lingo kinakailangang pumunta sa eskwela para mag-aral. Depende sa eskwela kung ilang beses at anong araw ng linggo dapat pumunta.

■ **Panahon para makapagtapos**

3 taon o mahigit pa.

■ **Uri ng mga klase**

Sa mga araw na hindi pumupunta sa eskwela, nag-aaral ang estudyante sa bahay gamit ang mga textbook, hand-outs atbp, at nagsusulat ng report na ipapasa ma-check at maturuan sa pagsusulat..



Ano ang yunit?

⇒ Sa high school, ginagamit ang yunit upang masukat ang dami pinag-aaralan. Kapag nakuha ang takdang resulta ng pinag-aaralan, makukuha ang kaukulang yunit para sa mga subjek na iyon. 50 minuto ang isang yunit na oras at ang isang buong yunit ay kinakalkulang 35 yunit na oras. (50 minuto × 35 yunit na oras = 1750 minuto)
Kung makakakuha ng mga yunit sa bawat subjek at mabuo ang kailangang bilang ng yunit, maari kang magtapos.

Isang Araw sa High school



Heto ang halimbawa ng isang araw ng estudyante sa full time na high school.

■ Umaga

Nag-uumpisa ng mga 8:30 at may 4 na klase sa umaga. Magkakaiba ang guro sa bawat subject.

■ Tanghalian

Walang school lunch. Puwedeng magdala ng sariling baon o bumili ng pagkain at kumain sa cafeteria.

■ Hapon

Mayroong 2 o 3 klase sa hapon.

■ Pagkatapos ng klase

Mayroong mga club. Puwedeng maglaro ng nakasanayang sports o aktibidad na kultural. Malayang sumali o hindi sumali sa club activity.



Ano ang isusuot kapag papasok sa high school?

⇒ Mayroong opisyal na uniporme ang eskwela. May dalawang uri ng uniporme na isinusuot kapag pupunta sa eskwela. Mayroong pang tag-init at mayroon din namang pang tag-lamig. Mayroon din namang mga eskwela na walang opisyal na uniporme.

Isang Taon sa High school

Heto ang halimbawa ng isang taon ng estudyante sa full time na high school.

Ipapakita dito ang eskwelag may 3 term, pero may eskwelag may 2 term lang

. Ang eskwela sa Japan ay nag-uumpisa sa Abril at natatapos naman ito sa Marso ng susunod na taon.



■1st term (Abril hanggang Hulyo)

Entrance ceremony, Opening ceremony, Health check-up, Physical check-up

Field study, Regular na pagsusulit

Parent-teacher interview

Closing ceremony

■Summer vacation (katapusan ng Hulyo hanggang katapusan ng Agosto)

■2nd term (katapusan ng Agosto hanggang Disyembre)

Opening ceremony

Sports festival (may high school na gumagawa nito sa 1st term)

Cultural (School) festival, Research presentation

School excursion (kalimitan 2nd year na estudyante)

Regular na pagsusulit

Parent-teacher interview

Closing ceremony

■Winter vacation(katapusan ng Disyembre hanggang unang bahagi ng Enero)

■3rd term (unang bahagi ng Enero hanggang Marso)

Opening ceremony

Regular na pagsusulit

Parent-teacher interview

Graduation ceremony, Closing ceremony

■Spring vacation (katapusan ng Marso hanggang unang bahagi ng Abril)

Gastusin sa Pag-aaral



Ang mga gastusin sa pag-aaral ay ang pera na kailangan sa pagpasok sa eskwela. Magkakaiba ang mga gastusin para sa iba't-ibang uri ng eskwela.

■ Ang mga gastos sa pag-aaral sa high school

① Examination fee = Pera para sa entrance exam

② Admission fee = Pera para sa pagpasok

③ Tuition fee = Pera para sa mga klase

④ Gastusing kailangan sa unang taon = perang kailangan para sa isang taon maliban sa ①②③ . Kasama dito ang mga libro at uniporme kung may uniporme sa eskwelahan.

| | | ① Examination fee | ② Admission fee | ③ Tuition fee | ④ Mga kailangan sa unang taon |
|------------------------------------|--------------------------|-------------------|-----------------|--------------------------------|-------------------------------|
| Full time | Pampublikong High school | ¥2,200 | ¥5,650 | ¥118,800 | Mga ¥300,000 |
| | Pribadong High school ※ | ¥20,000 | ¥200,000 | ¥580,000 | Mga ¥1,100,000 |
| Part-time (Pampubliko) | | ¥950 | ¥2,100 | ¥32,400 | Mga ¥50,000 |
| Correspondence Course (Pampubliko) | | ¥800 | ¥500 | bawat yunit sa isang taon ¥330 | Mga ¥40,000 |

※Magkakaiba ang bayad sa bawat pribadong eskwelahan. Ang mga halagang ito ay tantiya lamang.

■ Sistemang tumutulong sa pagbabayad ng matrikula

○Sa pampublikong high school, kung ang kita ng pamilya ay hindi lalapas ng ¥9,100,000 libre ang matrikula.

○Sistema para sa libreng matrikula para sa pribadong high school ※

| Kita ng Pamilya (pamantayan) | Hindi hihigit ng ¥5,900,000 | Hindi hihigit ng ¥8,000,000 | Hindi hihigit ng ¥9,100,000 |
|--|--------------------------------|--------------------------------|--------------------------------|
| Aktuwal na babayaran ng magulang (Kung ang matrikula ay ¥600,000) | Talagang libre | ¥200,000 | ¥481,200 |

※Para sa mga deltalye tignan lamang ang link sa ibaba (Wikang hapon lamang)

http://www.pref.osaka.lg.jp/shigaku/shigakumushouka/2019_osaka_mushoka.html

Ang pampubliko at pribadong eskwelahan ay parehong kailangang lakarin na proseso pagkatapos makapag-enrol.



Ano ang dapat gawin kung mahirap makabayad ng gastusin sa pag-aaral?

⇒ Pakitignan ang p.20-21.


Entrance Exam



Kailangang kumuha ng entrance exam upang makapasok sa high school. Ang entrance exam ay tinatawag ding “*Nyushi*” o “*Nyugakusha Sembatsu*”. May ilang mga alituntunin sa pagkuha ng entrance exam.


■ Pagsusulit para sa pagpasok sa eskwela

© Kung balak pumasok sa Pribadong High school lamang



(Isang Aplikasyon sa Pribadong High school)

Ito ang paraan ng pagkuha ng exam sa pribadong high school na mangangakong papasok kapag nakapasa. Hindi na puwedeng kumuha ng entrance exam sa pampublikong high school kapag pumasa na sa pribadong high school.




※ Ito ay limitado lamang para sa mga piling eskwela o kurso.

© Kung balak pumasok sa Pampublikong High school lamang

(Isang aplikasyon sa Pampublikong High school)


Kung mag-aaplay sa pampublikong high school lang at hindi mag-aaplay sa pamprivadong high school.



✘Ito ay limitado lamang sa piling eskwela o kurso.

(Pag-aplay ng sabay sa pampubliko at pribadong eskwela)

Kahit na nais mag-aplay sa pampublikong high school, puwedeng kumuha ng examinasyon sa mga pribadong high school na pumapayag sa sabay na aplikasyon sa pampublikong high school. Sa kasong ito, kahit pumasa sa pribadong high school, maaari pa ring kumuha ng entrance exam sa pampublikong high school. Kapag pumasa sa pampublikong high school, sa pampublikong high school ang papasukan.



※Ito ay limitado lamang para sa piling eskwela o kurso

Pampublikong High school Mga Subject/Paksa sa Entrance Exam



Ang nilalaman ng entrance exam ay depende sa papasukang kurso o pag-aaralan. Ipapakilala dito ang subjek na may academic test o ibang examinasyon bukod dito.

■ Espesyal na examinasyon (Kalagitnaan hanggang sa huling bahagi ng Pebrero)

| Kurso at mga subjek | | Academic Test (Academic test) |
|--|---|--|
| Full-time curriculum | Kurso sa Industriya (Architecture Design, Interior Design, Product Design, Film Design, Visual Design, Design System) • Global Studies, Arts • Kurso sa Pisikal na Edukasyon • Entertainment and Culture • Kurso sa Pag-arte • Kurso sa Musika • Comprehensive Design | Limang subjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham ,Ingles※1) Pagsusuri sa praktikal na kasanayan |
| | Comprehensive Course (Empowerment school) | Limang subjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham ,Ingles※1) Interbyu |
| Multi-class credit system course I at II (Creative School) | | |
| Pang-araw o pang-gabi (unit system) | | |

※1 Kasama ang pakikinig para sa Ingles.

■ Karaniwang examinasyon (unang linggo hanggang kalagitnaan ng Marso) ※4

| Kurso at mga subjek | | Academic test |
|-------------------------|--|---|
| Full-time curriculum | Lahat ng kursong wala sa espesyal na examinasyon | Limang subjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham ,Ingles※1) |
| Part-time curriculum ※2 | | 3 subjek (Pambansang Wika (Wikang Hapon) ,Matematika, Ingles※1) |
| Correspondence course※3 | | Interbyu |

※1 Kasama ang pakikinig para sa Ingles.

※2 Para sa higit sa 21 taong gulang, hindi na kinakailangan pang magbigay ng transcript of records galing sa eskwelahang pinanggalingan. Bukod sa academic test, mayroon ding interbyu. Kung gusto ng estudyante, maaari din magsumite essay sa halip na kumuha ng pagsusulit.

※3 Para sa higit sa 21 taong gulang, hindi na kailangan magbigay ng transcript of recordsx.

※4 Para sa mga estudyanteng nagsumite ng aplikasyon para sa pangkaraniwang examinasyon, kung sakaling hindi nakakuha ng eksaminasyon dahil sa trangkaso o iba pang karamdaman, maaaring makakuha ng panibagong iskedyul kung kayat sumangguni lamang sa iyong junior high school.

■Ang Pangalawang Eksaminasyon (Katapusan ng buwan ng Marso)

| | |
|--|---------------|
| Kurso at mga subjek | Academic test |
| Maa kursong kulang ang mga pumasang estudyante | Interbyu |

■Ang ibang eksaminasyon (Kalagitnaan hanggang sa huling buwan ng Pebrero)

| | |
|--|---|
| Ang mga pangalan ng eksaminasyon | Academic test |
| Entrance exam ng Toyonaka High school Nose Branch ng Lalawigan ng Osaka Nose Branch (Pinagsamang Departamento) □7 | Limang paksa (Pambansang Wika (Wikang Hapon) Araling Panlipunan, Matematika, Agham ,Ingles※1) Interbyu |
| Entrance exam ng mga estudyanteng umuwi sa Hapon galing abroad. □5 Kursong Ingles, Kurso sa Internasyonal na Aralin, Kurso sa Internasyonal na Kultura, Pandaigdigang Kurso, Kurso sa Global Studies, Kurso sa English Studies at Integrated Science Course | Matematika, Ingles※1 Interbyu (Pakitingnan ang p15(1)) |
| Eksaminasyon para sa mga estudyanteng dayuhan o Hapon na kababalik mula sa ibang bansa at kailangang turuan ng Hapon □6 Higashiyodogawa High school (General Course (Futsuka)) Fukui High school (Integrated Course (Sogo gakka)) Kadoma Namihaya High school (Integrated Course (Sogo gakka)) Yaokita High school (Integrated Course (Sogo gakka)) Seibi High school (Integrated Course (Sogo gakka)) Nagayoshi High school (Empowerment Course (Sogo gakka)) Fuse Kita High school (Empowerment Course (Sogo gakka)) | Matematika, Ingles※1 Essay (Maaring kahit hindi sa wikang Hapon) (Pakitingnan ang pahina p16(2)) |

※1 Kasama ang pakikinig para sa Ingles.

※5 Hindi kailangan ng transcript of records.

※6 Hindi kailangan ng transcript of records o self-declaration.

Sa mga kukuha ng "Ibang eksaminasyon", bukod sa kwalipikasyon para sa pangkaraniwang eksaminasyon, may mga iba pang kailangang kwalipikasyon sa bawat eksaminasyon. Kausapin ang eskwela para alamin sa Board of Education ang mga kwalipikasyon na kailangan.

□7 Para sa eksaminasyon ng Toyonaka High school Nose Branch ng Lalawigan ng Osaka, walang kwalipikasyon na kinakailangan para sa aplikasyon.

Pampublikong High school

Alamin ang batayan ng pagpili ng papasa at maghanda para sa entrance exam.



Pinipili ang mga papasa batay sa academic test, transcript of records, self-declaration at interbyu.

■Ang transcript of records

Ang transcript of records ay pinapadala ng junior high school sa high school. Nakasulat ang grado ng 9 na subjek (Pambansang wika, araling panlipunan, matematika, agham, Ingles, musika, sining, PE, home economics) at rekord ng aktibidades (kasapi sa konseho o komite, mga aktibidad sa club o tungkol sa pangkaraniwang buhay sa eskwela). Ang resulta (grado) ay may 5 lebel o marka (5.4.3.2.1)

■Self-declaration

Isinu-sumite ang Self-declaration kasama ng application form. Ayon sa piniling tema, dapat isulat ng estudyante ang tungkol sa pag-aaral sa Junior High School at sa ekspektasyon sa high school.

(Ang estudyanteng dayuhan o Hapon na umuwi mula sa ibang bansa na kailangang turuan ng wikang Hapon ay hindi kailangang magpasa ng "Self-declaration").

■Interbyu

Ang eskwelag may interbyu ay magsasagawa ng interbyu batay sa Self-declaration.

Pakitagnan ang pahina 12-13 para sa mga kursong nangangailangan ng interbyu.

Sa high school, bukod sa resulta ng academic test at transcript of records, pinipili nila ang mga papasa batay sa kanilang Admission Policy (inaasahang galing at karakter ng kanilang estudyante) kung kayat mabutihing basahin ang Admission Policy ng eskwela gusto mong pasukan bago magsulat ng Self-declaration.

Pampublikong High school

Eksaminasyon para sa mga estudyanteng bumalik galing sa ibang bansa, mga estudyanteng bumalik galing sa ibang bansa at mga estudyanteng dayuhan na kailangang turuan ng wikang Hapon



Sa pampublikong high school, mayroong eksaminasyon para sa mga estudyanteng bumalik galing sa ibang bansa, at eksaminasyon para sa mga estudyanteng bumalik galing sa ibang bansa at mga estudyanteng dayuhan na kailangang turuan ng wikang Hapon.

(1) "Eksaminasyon para sa mga estudyanteng bumalik galing sa ibang bansa"

■Ang pwedeng mag-aplay

Sinumang tumira nang tuluy-tuloy sa ibang bansa nang dalawang taon o mahigit pa at hindi pa nakakalipas ng higit sa dalawang taon buhat ng bumalik galing sa ibang bansa.

■Mga kurso

English Course, International Liberal Arts Course, Intercultural Course, Global Studies Course (Global ka), Global Studies, English Studies at Integrated Science Course

■Detalye

- Ang mga subjek sa pagsusulit ay matematika, Ingles at interbyu (sa wikang Hapon).
- Para sa pagsusulit sa matematika at Ingles, maaaring magdala ng isang Japanese-English na diksyonaryo bukod sa English to Japanese na diksyonaryo.

(2) "Eksaminasyon para sa mga estudyanteng bumalik galing sa ibang bansa at mga estudyanteng dayuhan na kailangang turuan ng wikang Hapon"

■ Ang pwedeng mag-aplay

Sinumang bumalik galing sa China at mga estudyanteng may ibang nasyunalidad na lumipat sa eskwela sa Hapon (mula sa ibang bansa) nang grade 4 o mas mataas pa.

■ Mga eskwelang magpapatupad nito sa SY 2020

Higashiyodogawa High school (General Course (Futsuka)), Fukui High school (Integrated Course (Sogo gakka)), Kadoma Namihaya High school (Integrated Course (Sogo gakka)), Yaokita High school (Integrated Course (Sogo gakka)), Seibi High school (Integrated Course (Sogo gakka)), Nagayoshi High school (Empowerment Course (Sogo gakka)), Fuse Kita High school (Empowerment Course (Sogo gakka))

■ Detalye

○ Essay, matematika at Ingles (kasama ang listening test) ang mga subjek sa eksaminasyon.

○ Maaaring sumulat ng essay sa ibang wika maliban sa Japanese.

○ May nakalagay ng furigana sa ibabaw ng kanji sa academic test.

○ Sa essay, para mas maintindihan nang mabuti ang katanungan, isalin ang key word sa wikang banyaga.

○ Maaaring gumamit ng hanggang dalawang diksyunaryo ng ibang wika maliban sa Ingles.

*Sa eksaminasyong ito, hindi magsu-sumite ng Self-declaration.

*Kukumpirmahin sa Opisina ng Edukasyon sa Nobyembre kung pwedeng kumuha ng eksaminasyong ito o hindi. Sa pagkumpirma, kinakailangan na magsumite ng mga dokumento tulad ng "rekord ng pagpasok at paglabas ng bansa". Maaaring mangailangan ng oras para maghanda, kung kayat kumunsulta sa guro ng junior high school sa lalong madaling panahon.

Kung kumuha ng eksaminasyong (1) (2), ang junior high school na inyong pinapasukan sa kasalukuyan ang mag-aaplay sa high school kung saan mo gustong kumuha ng eksaminasyon. Sa mga gustong kumuha ng eksaminasyong ito, mangyari lamang kumunsulta sa iyong home room teacher.

Pampublikong High school

Konsiderasyon sa Entrance Exam para sa mga estudyanteng bumalik galing sa ibang bansa na kailangang turuan ng wikang Hapon



Sa examinasyon para sa pampublikong high school, mayroon espesyal na konsiderasyon para sa mga estudyanteng bumalik galing sa ibang bansa at mga estudyanteng dayuhan na kailangang turuan ng wikang Hapon. Mangyari lamang kumunsulta sa inyong advisor kung pwedeng matanggap ang konsiderasyon o hindi.

Konsiderasyon①

■ Sinong puwede?

Sinumang pumasok sa unang baitang ng elementary school pagkabalik o pagkarating sa Japan.

■ Puwedeng high school

Lahat ng pampublikong high school.

■ Detalye

A. Pagpapahaba ng oras sa academic test (mga 1.3 times)

Kung maaaprubahan ang A, pwedeng mag-aplay para sa B, C, D.

B. Maaaring gumamit ng diksyunaryo sa ibang wika bukod sa Ingles sa eksaminasyon.

Pwedeng mag-aplay ng hanggang dalawang diksyunaryo. Ngunit bawal gamitin ang elektronikong diksyunaryo. Kapag gagamit ng diksyunaryo, aalisin ang mga tanong ukol sa “pagbasa at pagsusulat ng *kanji*” sa exam ng wikang Hapon.

C. Isusulat ang kana (ang pagbasa ng *kanji*) sa academic test.

Isusulat ang *kana* sa *kanji* na hindi pinapag-aralan sa elementary school. Kapag ganoon, aalisin ang mga tanong tungkol sa “pagbasa ng *kanji*”.

D. Para sa wikang Hapon, kapag may lumabas na problemang kailangang magsulat ng essay, magbibigay ng keyword sa wikang banyaga para mas maintindihan ang tanong.

Konsiderasyon②

■Sinong puwede?

Sinumang tumira sa ibang bansa nang 2 taon o mahigit pa na tuluy-tuloy at hindi pa lumalampas ng dalawang taon ang nakalipas buhat ng makabalik sa Hapon.

■Puwedeng high school

Lahat ng pampublikong high school

■Detalye

Kapag susulat ng self-declaration, pwede itong ipasulat sa iyong guro o magulang bilang kapalit mo. Kung hindi sila puwedeng sumulat para sa iyo, maaaring sumulat sa gamit ang wikang bukod sa Hapon.

Kung kukunin mo ang mga konsiderasyong ito, mag-aapply ang junior high school na pinapasukan mo sa high school kung saan magpapasa ng iyong aplikasyon. Sa mga gustong tumanggap ng mga konsiderasyong ito, mangyari lamang na kunsultahin ang iyong adviser.

(*) Lahat ng impormasyong nakasulat ay hindi pa pinal. Amg opisyal na desisyon ay lalabas sa Hulyo 2019.

Pampublikong High school Ang iskedyul ng entrance exam sa SY 2020



Depende sa kurso, iba ang araw ng pag-aplay, ng eksaminasyon, at araw na lalabas ang resulta. Paki-check lang ng iskedyul sa high school na gusto mong pasukan.

| | | Uri ng Eksaminasyon | Application Period | Araw ng eksaminasyon | Labas ng resulta |
|--|---|---|--|---|------------------|
| E s p e s y a l n a e k s a m i n a s y o n | F u l l - t i m e | Kurso sa Industriya (Architecture Design, Interior Design, Product Design, Film Design, Visual Design, Design System) • Global Studies, Arts • Kurso sa Pisikal na Edukasyon • Entertainment and Culture • Kurso sa Pag-arte • Kurso sa Musika • Comprehensive Design | Pebrero 14 (Biyernes) at Pebrero 17 (Lunes) | Academic Test Pebrero 20 (Huwebes) Pagsusuri sa praktikal na kasanayan Pebrero 21 (Biyernes) | Marso 2 (Lunes) |
| | | • Kurso sa Musika | Pebrero 4 (Martes) at Pebrero 5 (Miyerkules) | Pagkanta Talent test Pebrero 16 (Linggo) Academic Test Pakikingig sa tunog Pebrero 20 (Huwebes) | |
| | | • Comprehensive Course (Empowerment school) | | | |
| | | Multi-class credit system course I at II (Creative School) | Pebrero 14 (Biyernes) at Pebrero 17 (Lunes) | Academic Test Pebrero 20 (Huwebes) Interbyu Pebrero 21 (Biyernes) | |
| | | Pang-araw o pang-gabi (unit system) | | | |
| | | Eksaminasyon ng Toyonaka High school Nose Branch ng Lalawigan ng Osaka | | Academic Test Pebrero 20 (Huwebes) Interbyu Pebrero 21 (Biyernes) | |
| | | Eksaminasyon para sa mga bumalik galing sa ibang bansa | Pebrero 14 (Biyernes) at Pebrero 17 (Lunes) | Academic Test Interbyu Pebrero 20 (Huwebes) | |
| | | Eksaminasyon para sa mga estudyanteng dayuhan o Hapon na kababalik mula sa ibang bansa at kailangang turuan ng Hapon | | Academic Test Essay Pebrero 20 (Huwebes) | |
| | | Eksaminasyon para sa kursong tumutuolng sa mga estudyanteng may kapansanan sa intelekt na maging independent | | Interbyu Pipili ng isang araw mula sa mga sumusunod: Pebrero 19 (Miyerkules), 20 (Huwebes), 21 (Biyernes), 25 (Martes) | |

| Uri ng Eksaminasyon | | Application Period | Araw ng eksaminasyon | Labas ng resulta | |
|---|---|--|---|--|--------------------|
| P a n g k a r a n i w a n g e k s a m i n a s y o n | F u l l - t i m e | <ul style="list-style-type: none"> • Pangkalahatang Kurso (Kasama na ang High school na may unit system) • Kurso sa Negosyo • Kurso sa Pandaigdigang Kalakalan • Kurso sa Agrikultura (Hindi kasama ang kursong nagbibigay ng espesyal na eksaminasyon.) <ul style="list-style-type: none"> • Kurso sa Edukasyon at Impormasyon • Kurso sa Ingles • Kurso sa Internasyonal na Pag-aaral • Kurso sa Internasyonal na Kultura • Pandaigdigang Kurso • Kurso sa English Studies • Kurso sa Agham at Matematika • Kurso sa Pinagsamang Agham • Kurso sa Agham sa Paglikha • Kurso sa Literatura at Agham • Kurso sa Social Welfare and Volunteering • Kurso sa Kultura ng Pagkain • Comprehensive Course (Kasama ang Creative School maliban Empowerent School) | Marso 4 (Miyerkules) Marso 5 (Huwebes) at Marso 6 (Biyernes) | Academic Test Marso 11 (Miyerkules) | Marso 19 (Huwebes) |
| | Part-time | | | | |
| | Coresspondence Course | | Marso 1 (Linggo) Marso 3 (Martes) at Marso 4 (Miyerkules) | Interbyu Pumili ng isang araw mula sa mga sumusunod: Marso 8 (Linggo), 9 (Lunes), 10 (Martes) | |
| Pangalawang eksaminasyon (kung meron man) | | | | | |
| Karagdagang eksaminasyon para sa kursong tumutuolng sa mga estudyanteng may kapansanan sa intelekt na maging independent (kung meron man) | | Marso 24 (Martes) | Interbyu Marso 24 (Martes) | Marso 26 (Huwebes) | |
| Eksaminasyon sa panahon ng tag-lagas | | Setyembre 9, 2020 (Miyerkules) | Essay Interbyu Setyembre 14, 2020 (Lunes) | Setyembre 18, 2020 (Biyernes) | |

Sistemang Nagbibigay ng Pinansyal na Tulong para sa Pag-aaral

Pansamantalang Pautang (Loan System) para sa Pagpasok sa Eskwela



Maaaring manghiram ng perang kinakailangan sa pagpasok sa eskwela. Para sa mga detalye katulad ng mga kuwalipikasyon, batayan, paraan ng pagsasauli atbp, kontakin ang mga telepono sa baba.

| Pangalan | Halaga ng Mahihiram | Panahon ng application | Contact |
|--|---|---|--|
| Osakafu Ikuei Kai | Pampublikong high school: hindi hihigit ng ¥50,000 Pribadong high school: hindi hihigit ng ¥250,000 | Huling bahagi ng Agosto hanggang unang bahagi ng Oktubre ng ikatlong taon ng junior high school | TEL 06-6357-6272 |
| Life Welfare Loan Fund (<i>Seikatsu Fukushi Shikin Kashitsuke</i>) | Hindi hihigit ng ¥500,000 | Hanggang sa katapusan ng Abril mula pagpasok | Social welfare association sa bawat munisipiyo |
| Boshi Fushi Kafu Fukushi Shikin | pampublikong high school (pagpasok mula sa sariling bahay): hindi hihigit ng ¥150,000 pribadong high school (pagpasok mula sa sariling bahay): hindi hihigit ng ¥410,000 | Hanggang sa panahong bago mabayaran ang matrikula matapos napagpasyahan ang pagpasok ng eskwela | Welfare office sa pook na tinitirahan ninyo. |
| Kotsu Iji Ikuei Kai | ① ¥200,000 ② ¥400,000 ③ ¥600,000 Pinipili sa ①, ② o ③ sa oras ng pag-aaply. | Abril-Pebrero ng ikatlong taon ng junior high school | TEL 0120-52-1286 |
| Ashinaga (<i>Ashinaga Ikuei Kai</i>) | pribadong high school: ¥300,000 | Abril 1 hanggang Disyembre 15 ng ikatlong taon ng junior high school | TEL 0120-77-8565 |

Sistemang Pangtulong Gastos Pang-aral

Scholarship System



May sistemang nagbabayad o nagpapahiram ng panggastos sa pag-aaral sa mga estudyanteng hindi makapagbayad dahil sa kalagayan ng pamilya o kakayahang pinansyal. Kung papautangin, kailangan bayaran ito pagkatapos grumadweyt. Para sa mga detalye katulad ng kuwalipikasyon, batayan, paraan ng pagsasauli atbp, direktang kontakin ang mga telepono sa baba.



| Pangalan | Halagang Ibibigay | Panahon ng application | Contact |
|--|--|--|---|
| Osakafu Ikuei Kai | Tuition fee ng pampublikong high school o pribadong high school + hindi hihigit ng ¥100,000 | Huling bahagi ng Agosto hanggang unang bahagi ng Oktubre ng ikatlong taon ng junior high school Maari ding mag-apply pagkatapos matanggap sa eskwela. | TEL 06-6357-6272 |
| Life Welfare Loan Fund (<i>Seikatsu Fukushi Shikin Kashitsuke</i>) | hindi hihigit ng ¥35,000 kada buwan | Kahit kailan | Social welfare association sa bawat munisipalidad |
| Boshi Fushi Kafu Fukushi Shikin | Maaaring magpahiram kung ang aplikante ay pupunta sa pribadong high school sa labas ng lalawigan ng Osaka. (Kailangang pag-usapan kung magkano) | Kahit kailan pagkatapos makapasa para sa admisyon | Welfare office sa pook na tinitirahan. |
| Kotsu Iji Ikuei Kai | Kada buwan ① ¥20,000 ② ¥30,000 ③ ¥40,000 Kapag nag-aplay, pipili mula ① ~ ③ | Abril hanggang Enero ng ikatlong taon ng junior high school, o Abril-Enero pagkatapos matanggap sa eskwela | TEL 0120-52-1286 |
| Ashinaga | Kada buwan Pampublikong high school: ¥25,000 Pribadong high school: ¥30,000 | Abril 1 hanggang Disyembre 15 ng ikatlong taon ng junior high. Maari ding mag-apply pagkatapos matanggap sa eskwela. | TEL 0120-77-8565 |
| Scholarship Association for Returnee Students from China (<i>Chugoku Kikoku Shijo Kotogakkotou Shogakukin</i>) | ¥20,000 kada buwan at hindi kailangang isauli | Nobyembre 1 hanggang 25 ng ikatlong taon ng junior high school | Pundasyon sa Kultura ng Yamazaki Toyoko TEL 072-266-2522 |
| Korean Scholarship Association (<i>Chosen Shogakukai Shogakukin</i>) | ¥10,000 kada buwan at hindi kailangang isauli | Abril 2 hanggang Mayo 10 pagkatapos matanggap sa eskwela | TEL 03-3343-5757 |

Alternatibong Landas Bukod sa Pagpasok sa High school



Bukod sa pagpasok sa high school, may ibang landas katulad ng sumusunod na maaaring tahakin pagkatapos ng junior high school.

■ Ibang landas bukod sa pagtungtong high school

Technical College (*Koto Semmon Gakko*): Eskwela kung saan ka pwedeng mag-aral ng engineering at technological na kakayahan.

Vocational College (*Koto Senshu Gakko*): Eskwela kung saan ka pwedeng mag-aral ng mga bagay na kakailanganin sa trabaho at pamumuhay.

Vocational Training School (*Koto Shokugyo Gijutsu Semmonko*): Eskwelahan kung saan ka pwedeng mag-aral ng mga kakayahan na kakailanganin sa pagtrabaho.

Iba-iba ang mapapag-aralan sa bawat eskwela. Para sa karagdagang detalye magtanong sa inyong titser.

■ Gawaing bahay, family business



■ Maghanap ng trabaho



Ano ang magandang gawin upang makahanap ng trabaho?

⇒ May dalawang paraan.

① Maaaring maghanap ng trabaho sa “Hello Work”.

② Maaaring magpareto sa kakilala ng inyong pamilya atbp.

Ang “Hello Work” ay lugar kung saan nagbibigay ng impormasyon ng trabaho sa mga nais magtrabaho.

Mayroon ding kumonsulta sa wikang Chinese, Ingles, Portugues, Espanol atbp.

Listahan ng mga Organisasyong Nagpapayo



Maaaring kumunsulta sa telepono o e-mail.

| Institusyong | Contact Number (Telepono) | Wikang ginagamit |
|---|---|---------------------|
| Osaka Prefectural Board of Education, Education Office for Municipalities, Elementary and Junior High School Division, Group for Career Support <i>(Osakafu Kyoiku Cho Shichoson Kyoikusitsu, Shochyugakkoka, Shinro Shien Group)</i> | TEL 06-6941-0351 (local: 5485) | Japanese |
| Osaka City Board of Education <i>(Osakashi Kyoiku Inkai)</i> | TEL 06-6208-9185 | Japanese at Chinese |
| Sakai City Board of Education <i>(Sakaishi Kyoiku Inkai)</i> | TEL 072-228-7436 | Japanese |
| Osaka Prefecture Education Council for Foreigners in Japan <i>(Osakafu Zainichi Gaikokujin Kyoiku Kenkyu Kyogikai)</i> | Fax 050-3383-2683 Email fugaikyo@nifty.com | Japanese |
| Osaka City Research Council for Foreigners <i>(Osakashi Gaikokujin Kyoiku Kenkyu Kyogikai)</i> | TEL 090-3847-2420 | Japanese |

Setyembre, 2019 nilabas

◆Labas / Paghayag◆

**Osaka Prefectural Board of Education, Education Office for Municipalities,
Elementary and Junior High School Division, Group for Career Support**

TEL 06-6941-0351 (local 5485) FAX 06-6944-3826

E-mail shichosonkyoiku@sbox.pref.osaka.lg.jp

URL <http://www.pref.osaka.jp/shochugakko/>

※Copyright Free except Commercial use

Tiyakin ang pinagkukunan kapag kokopya nito.